



ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Bayan

Tomo XLVI Blg. 5

Hunyo 21, 2015

www.philippinerevolution.net

Editorial

Labanan ang tumitinding pampulitikang panunupil ng rehimeng US-Aquino

Sa nagdaang mga buwan, lalo pang tumindi ang pampulitikang panunupil ng rehimeng US-Aquino. Target nitong pilayin at idiskaril ang pambansa-demokratikong kilusang masa upang tiyaking maisakatuparan ang mga hakbanging dikta ng imperyalistang amo bago matapos ang termino.

Sa mga darating na buwan, nakatuon si Aquino sa nakatakdang pagdaraos sa Pilipinas ng mga pu- long ng Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) hanggang Nobyembre. Pakay nitong lalong itulak ang mga makadayuhan at anti-ma- mamayang patakarang neoliberal.

Ininusulong ng pangkating Aquino ang pag-aalis sa konstitu- syong 1987 ng mga limitasyon sa pag-aaring dayuhan sa lupa at mga negosyo sa Pilipinas. Ito ay pagsu- nod sa kundisyon ng US sa paglahok ng Pilipinas sa minamadali nang ne- gosasyon para sa Trans-Pacific Partnership (TPP).

Kasabay nito, nais din ng US na matiyak ang bisa ng Enhanced Defense Cooperation Agree- ment (EDCA) sa harap ng mga pagkwestyon at pagtutol dito ng maraming grupo at indibidwal. Nais ng US na lubos nang maga- mit ang EDCA upang maitatag na ang mga base militar nito sa bansa. Nais rin ng US na alisin ni Aquino sa konstitusyong 1987 ang probisyong nagbaba- wal sa mga dayuhang base, tro- pa at mga pasilidad militar ha- bang walang kasunduang pinag- tibay ng senado.

Sa mga darating na buwan,


layunin din ng pangkating Aquino na tiyaking makapananatili sila sa poder. Nangangatog ang tuhod ni Aquino na mauwi siya sa kulungan sa dami ng mga kaso ng korapsyon at krimen na isasampa la- ban sa kanya pagba- ba sa pwesto.

Sinusupil ni Aquino ang mga pwersang pam- bansa-demokrati- ko. Sila ang nasa ubod ng mga pa- kikibaka laban sa mga pata- karang

neoliberal sa ekonomya at sa pang- hihimasok at presensya ng militar ng US. Sila ang daluyan ng sigaw ng bayan para sa pagpapataksik kay Aquino.

Kabi-kabila ang mga kaso ng harasment, paniniktik, pang-aaresto at pagkukulong sa mga aktibista at mga pwersang lumalahok sa mga pakikibakang masa. Patuloy ang mga kaso ng pagdukot at pagpatay. Kaakibat ito ng walang-awat na dig- mang panunupil sa kanayunan sa ilalim ng Oplan Bayanihan.


Binubulok ng rehimeng US-Aquino sa piitan ang 530 bilanggong pulitikal, kabilang ang isang sanggol na walang-awang pinipiit kasa-



ma ang kanyang ina. Pinagtatagal ni Aquino ang kanilang pagkakulong sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga gawa-gawang kasong kriminal na hindi pwedeng pyansahan.

Mula nang maghari si Aquino, bawat linggo'y isang aktibista ang pinapatay at mahigit tatlo ang iligal na inaaresto. Araw-araw na dumaranas ng pananakot at paniniil ang mga aktibista sa kalunsuran sa loob ng mga paaralan, sa mga komunidad, pabrika at mga upisina.

Kaliwa't kanan ang paniniktik at pagmamanman sa aktibidad ng mga organisasyong progresibo. Sila ay sinisindak at tinatakot. Ang sistemang National ID na minamadali ni Aquino na maisabatas ay tiyak na gagamitin sa lalong pagpapatindi ng



panggigipit sa demokrati-kong kilusang masa.

Target din ni Aquino na supilin ang mga konsultant at upisyal ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pakikipag-usapang pangkapayapaan nito sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GPH). Malinaw na ayaw ni Aquino na sumulong ang usapang pangkapayapaang NDFP-GPH dahil magtu-tuon ito ng pansin ng publiko sa pinsalang idinulot ng mga neoliberal na patakaran sa ekonomya at kabu-hayan ng mamamayang Pilipino.

Lalong malupit ang marahas na panunupil sa kanayunan. Dito'y ang AFP ang tunay na naghahari. Kaliwa't kanan ang mga kaso ng pwersahang pagpapalayas sa mga magsasaka sa kanilang mga tahanan at sinasakang lupa, pambubugbog, pag-aaresto at pagkukulong, at pagdukot at pagpatay.

Malaking ilusyon ang nililikha ni Aquino na tumatamasa ang mga tao ng mga karapatang demokratiko. Pinalalabas niyang siya ay maka-karapatang sibil gamit ang alaala ng kanyang ama na naging biktima ng pampulitikang panunupil at asasinasyon sa ilalim ng diktadurang Marcos.

Pero para sa ilampung libong

biktima ng pampulitikang panunupil, si Aquino ang bagong Marcos. Tulad ni Marcos, sinusupil niya ang mga pwersang kumikilos para isulong ang pambansa at demokratikong interes ng sambayanan, at para ilan-tad at labanan ang pagkapapet, kabulukan at kalupitan ng naghaharing rehimen.

Ang mga aktibista at rebolusyonaryo ay sinusupil gamit ang lahat ng instrumento ng paniniil ng estado, pangunahin na ang AFP. Taktika nito ang kriminalisasyon ng pampulitikang paglaban at protesta at militarisasyon ng mga ahensya ng gubyerno at institusyong sibil (tulad ng masmidya at mga paaralan) at gamitin ang mga iyon sa mga operasyong paniktik, saywar at mga operasyong militar.

Dapat buklurin ang sambayanang Pilipino at malakas na labanan ang tumitinding pampulitikang panunupil sa ilalim ng rehimen ng Aquino. Hinihingi ng sitwasyon na manindigan ang mga sektor, personalidad at grupong makatao at nagtanggol ng karapatang-sibil at ma-kiisa sa mga biktima ng panunupil.

Sagot sa papatinding panunupil ang ibayong pagpapalakas ng makabayan at demokratikong mga pakikibakang masa. Dapat ibayong palakasin ng mga manggagawa ang kanilang pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa pag-uunyon at pagwewelga, at isulong ang pakikibaka para itaas ang sahod at seguridad sa trabaho. Dapat puspusing isulong ng mga magsasaka ang kanilang pakikibaka para sa lupa at laban sa mga pagsasamantalang pyudal at malapyudal.

Dapat kumilos ang Bagong Hukbong Bayan para ipagtanggol ang karapatan at kapakanan ng mamamayang Pilipino. Dapat parusahan ang pinakapusakal na mga berdugo at pinakasagadsaring lumalabag sa mga karapatang-tao. Dapat bigwasan ng hukbong bayan ang pinakamalulupit na yunit ng AFP. Dapat paigtingin ang digmang bayan bilang sagot sa tumitinding pasismo ng estado.

AB

ANG Bayan

Tomo XLVI Blg. 5 | Hunyo 21, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

cppinformationbureau@gmail.com

Nilalaman

Editorial: Labanan ang papatinding panunupil ng rehimen ng US-Aquino	1
Panggigipit at pang-aaresto	3
Mag-asawa, pinatay sa Negros	4
Paaralan sa Talaingod, ginigipit	5
Mga magsasaka sa Bohol, hinaras	5
Lumban 3, nakalaya na	5
Aktibista, midya, bawal sa HOR	5
8 armas, nasamsam sa Samar	6
POW, pinalaya sa Saranggani	6
PDT, inambus sa Sorsogon	7
Kilos protesta laban sa US, China	7
"Econ cha-cha:" Interbensyong US	8
EDCA, pinasasalang sa senado	8
Alyansa para sa reporma sa lupa	9
K12: Makadayuhan, pahirap	10
PPP: Perwisyo, pahirap	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Panggigipit, pagdakip sa mga konsultant ng NDFP

Sunud-sunod ang pagdakip at panggigipit sa mga konsultant ng NDFP sa pakikipag-usapang pangkapayapaan nito sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GPH). Dahil dito, lalong idinidiskaril ni Aquino ang usapang pangkapayapaang GPH-NDFP upang tuluyan na itong gumuho.

Panggigipit kay Kasamang Luis Jalandoni. Ang mismong punong negosyador ng NDFP na si Kasamang Luis Jalandoni ay dumanas ng harassment nang dumalaw siya rito sa Pilipinas.

Isang araw pagdating sa Pilipinas noong Mayo 28, nakatanggap si Ka Luis ng mandamyento de aresto na basta inihulog sa tinutuluyan niyang bahay sa Makati City. Ang mandamyento ay inilabas ng Suri-gao del Norte Provincial Prosecutor's Office para sa kasong *kidnapping* at ilegal na pagbibimbini sa apat na tauhan ng pulis na noo'y mga bihag-ng-digma (*prisoner-of-war* o POW) ng Bagong Hukbong Bayan. Pinalaya ang mga bihag noong Hulyo 29, 2014 sa nasabing prubinsya.

Ayon kay Jose Maria Sison, ang rehimeng US-Aquino ang "pinakamalisyoso sa lahat ng rehimen" dahil mismong sina Interior Sec. Manuel Roxas at Hernani Braganza ng GPH Peace Panel ang humiling ng tulong noon ni Ka Luis upang ikoordinina ang pagpapalaya ng nasabing mga POW sa mga batayang makatao. Ngunit ngayon ay ginagamit ang tulong niyang ito upang sampahan siya ng kasong kriminal.

Binatikos naman ng PKP na "sukdulang pagtatraydor" ang harassment kay Ka Luis at "bahagi ng agos ng pampulitikang panunupil" laban sa NDFP at sa rebolusyonaryong kilusan.

Pag-aresto kay Adelberto Silva. Nito namang Hunyo 1, inaresto ang isa pang konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan na si Adelberto Silva sa Molino, Bacoor, Cavite. Inaresto rin ang kanyang asawang si Sharon Cabusao at kasama nilang si Isidro de Lima.

Si Silva, 67 taong gulang, ay ka-

bilang sa mga tauhan ng NDFP na binibigyan ng garantiya laban sa pag-aresto sa ilalim ng Joint Agreement on Security and Immunity Guarantees (JASIG). Hawak noon ni Silva ang Document of Identification (DI) No. ND978229 sa pangalang Percival Rojo na binalewala ng umarestong mga pulis at sundalo.

Di bababa ngayon sa 17 konsultant ng NDFP ang nakadetina sa iba't ibang bilanguan sa buong bansa. Hindi iilan sa kanila ang mahigit limang taon nang nakakulong. Sa nakaraang taon, hindi bababa sa limang konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan ang inaresto. Samantala, ilan pang tauhan at konsultant ng NDFP ang tuluy-tuloy na tinitiktikan at tinatangkang arestuhin ng kaaway.

Maalalang noon lamang Marso 4, dinakip ang isa pang konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan na si Ruben Saluta (JASIG DI No. ND978240) sa Quezon City kasama ang kanyang asawa at 11 iba pa.

Si Silva ay sinampahan ng kasong multiple murder sa Aparri, Cagayan, at sa Laoang, Northern Samar. Samantala, sina Cabusao at de Lima, na kapwa walang mandamyento de aresto, ay kinasuhan ng pagkakanlong ng pugante. Sinampahan din ang tatlo ng kasong *illegal possession of firearms at illegal possession of explosives*. Nakakulong sila ngayon sa Camp Crame.

Agad namang hiniling ng mga progresibong organisasyong masa at mga party list ang kagayat na pagpapalaya kina Silva, Cabusao at de Lima. Kasama sa


mga naglunsad ng piket-protesta sa harap ng Camp Crame ang Gabriela, Karapatan, SELDA, at KMU.

Kinilala ng KMU si Silva na isa rin sa mga konsultant nito. Kinilala naman ng Gabriela si Cabusao na dati nitong upisyal. Si Cabusao ay nagsilbi ring isang patnugot ng pahayagang Pinoy Weekly noong 2002 at kasalukuyang mananaliksik at konsultant ng Crispin B. Beltran Resource Center.

Pagsasakdal sa mga konsultant ng NDFP. Itinuloy noong Mayo 8 ng Manila Regional Trial Court ang pagsasakdal kina Benito Tiamzon, Wilma Tiamzon, Satur Ocampo, Vicente Ladlad, Randall Echanis at Rafael Baylosis na pawang mga konsultant ng NDFP na kabilang sa 50 sinampahan ng ilang kaso ng pagpatay. Tumanggi ang mga akusado na magpasok ng kanilang apela. Ang pagsasakdal ay isinagawa sa kabila ng apela ng mga abugado ng mga konsultant na imbestigahan muna ang depektibong pagsasampa ng kaso.

Marami sa mga konsultant ng NDFP ay isiniksik sa inimbentong kaso kaugnay ng diumano'y mga pinatay sa Hilongos, Leyte noong 1984. Ang mga nahukay diumanong bangkay ay inilipat-lipat ng militar sa Laoang, Northern Samar, at Inopacan, Leyte upang palabasing napakaraming pinatay at sa gayo'y makalikha ng bagong mga kasong kriminal.

Ang kasong ito ang karaniwang ginagamit upang dakpin at ikulong ang mga konsultant ng NDF, mga lider ng rebolusyon, at maging mga lider ng hayag na demokratikong kilusan. AB



Mga aktibistang kawani, hinaharas

HINARAS ang limang lider at kasapi ng Confederation of Unity of Recognition and Advancement for Government Employees (COURAGE) sa pamamagitan ng mga sulat na nagsasaad ng kani- lang ugnayan diumano sa PKP at BHB.

Nakatanggap ng sulat noong Abril 27 sina Roman M. Sanchez, pambansang pangulo ng National Food Authority Employees Association (NFAEA); Evelyn P. Garcia, pangalawang pangkalahatang kalihim ng NFAEA; Fely Saño, pangalawang pangulo ng CUE-NHA; Rosalinda Nartates, pambansang pangulo ng CUE-NHA at pangkalahatang kalihim ng COURAGE; at Manuel Baclagon, pambansang pangulo ng Social Welfare Employees Association-Department of Social Welfare and Development (SWEAP-DSWD) at dating pangalawang pangkalahatang kalihim ng COURAGE.

Noong Mayo 14-16 naman, pinagsusundan ng mga ahente ng militar at pulisya ang mga aktibistang istap ng Salinlahi at ng Children's Rehabilitation Center na sina Madella Santiago at Eilekrenes Manano, kapwa rehistradong *social worker*.

Samantala, umabot sa 18 aktibista ang inaresto ng mga pwersa ng pulis sa magkahiwalay na kilos protesta na inilunsad sa okasyon ng huwad na araw ng kalayaan sa Iloilo City at Kawit, Cavite noong Hunyo 12. Ma-

rahas na binuwag ang protesta sa Iloilo kung saan marami ang nasaktan. **AB**



Mag-asawang magsasaka, pinatay sa Negros

Tuluy-tuloy ang pamamaslang at pang-aaresto sa mga magsasaka at militarisasyon ng mga komunidad sa ilalim ng Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino.

Guihulngan City, Negros Oriental. Pinatay ng mga tauhan ng 11th Infantry Battalion noong Mayo 24 ang lider magsasakang si Endric Calago, 47 at kanyang asawang si Rosalie, 45 sa kanilang bahay sa Barangay Tacpao, Guihulngan City, Negros Oriental.

Si Endric ay nagsilbing isa sa mga upisyal ng Kapunungan Alang sa Ugma sa Gagmayang Mag-uuma (Kaugmaon), lokal na balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa Negros Oriental.

Bandang alas-10:45 ng gabi, narinig ng mga kapitbahay ang ingay sa bahay ng mga Calago at paghingi ni Rosalie ng saklong "Tulungan niyo kami, nandito ang mga militari!" Pagkalipas ng ilang minuto, narinig ang mga putok ng baril at malao'y nakitang nasusunog ang bahay.

Kinaumagaha'y pinuntahan ng mga residente ang bahay ng mga Calago kasama ang anak nilang si Erlie, 16, na umuwi mula sa bayan, at ang mga lokal na pulis. Nakita ang duguang bangkay ni Endric sa labas ng bahay na tadtad ng bala. Ang bangkay naman ni Rosalie ay nakita sa loob ng bahay na may tama ng bala sa dibdib. Nakitang nakakalat sa paligid ang mga basyo ng M16 at M203. Tinatayang di bababa sa apat na magasin ang ginamit sa krimen.

Matuguinao, Samar. Pwersahang pinalikas ng mga tauhan ng 8th ID ang mga residente ng Barangay Mahayag at Barangay Libertad sa Matuguinao, Samar noong Hunyo 5. Ninakaw ng mga sundalo ang dalawang baboy, mga produktong bukid at kagamitang pambahay ng mga

magsasaka sa lugar. Ang mga sibil-yang residente ng dalawang barangay ang pinagbuntunan ng galit ng mga sundalo matapos tambangan ng mga Pulang mandirigma. (*Tingnan ang kaugnay na balita sa pahina 6.*)

Lemery, Batangas. Iligal na inaresto ng mga tauhan ng Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group at PNP-Special Action Forces noong Abril 23 ang mag-asawang magsasakang sina Norberto Burrigo at Evelyn Flauta sa kanilang tahanan sa Barangay Niogan, Lemery, Batangas.

Bandang alas-6 ng umaga, katatapos lamang magpakain ng mga alagang hayop ang mag-asawa at papasok na ng kanilang bahay nang dumating ang mga nakakumoplaheng tauhan ng pulis at inutusan silang dumapa sa sahig. Matapos patayuin, nirekisa at inilabas sila ng kanilang bahay at isinakay sa magkaibang sasakyan. Walang ipinakitang mandamyento de aresto ang mga pulis at hindi rin pinahintulatang tumawag man lamang ang mag-asawa taliwas sa mga karapatan ng mga inaaresto.

Matapos ang 30-minutong paghalughog sa kanilang bahay, lumabas ang pulis na may dalang sako ng mga gamit na kinuha sa loob at tinataya na gagamiting ebidensya laban sa kanila. Dinala si Flauta sa Fort Sto. Domingo, Sta. Rosa Laguna, bago inilipat sa Camp Crame, Quezon City. Si Burrigo naman ay dinala sa Batangas City Police Station bago inilipat sa Camp Crame.

Si Burrigo ay inaakusahang myembro ng BHB at sinampahan ng kasong "illegal possession of explosives", bagay na kanyang itinanggi. Si Flauta naman ay idinetine sa Major Crimes Investigation Unit. **AB**

Paaralang Lumad sa Talaingod, ginigipit ng AFP at DepEd

WALANG-AWAT na ginigipit ng rehimeng Aquino ang paaralang Lumad ng mamamayang Manobo sa Talaingod, Davao del Norte.

Noong unang linggo ng Hunyo, binantaan ng mga sundalong kabilang sa 68th IB ng AFP ang mga residente ng Sitio Tibukag, Talaingod at ang mga guro na nagtuturo sa Salugpungan Ta Tanu Igkanugon Community Learning Center (STTICLC). Ayon sa lider-Lumad na si Datu Ginom Andel, inutusan sila ng mga sundalo na sunugin ang paaralan "dahil pinatatakbo iyan ng mga komunista".

Tumanggi ang mga residente at iginiit na kanila ang eskwelahang iyon na nagbibigay sa kanila ng libreng edukasyon. Ang STTICLC ay isang alternatibong paaralan na pinatatakbo ng mga grupong lumad para mabigyan ng edukasyon ang mga bata. Kinikilala ito na pormal na paaralan ng DepEd Central Office sa ilalim ng Indigenous Peoples Education Office.

Kasabay nito, inirekomenda ng superintendent ng DepEd Division of Davao del Norte ang pagsasara ng STTICLC at pagtatayo ng ibang pampublikong hayskul na "gagamit sa mga sundalo bilang mga para-teacher".

Maaalalang noong Mayo 2014 ay sinalakay ng mga tauhan ng AFP ang iba't ibang sitio sa Talaingod. Kabilang ang paaralan ng STTICLC na ginamit ng mga sundalo na baraks na naging dahilan ng pagka-abala sa pag-aaral ng mga bata at pag-iral ng takot sa komunidad.

Mga magsasaka sa Bohol, hinaharas ng militar

TULUY-TULOY ang harasment ng mga pasistang sundalo laban sa mga magsasaka sa Bohol. Ayon sa Hugpong Mag-uumang Bol-anon (Humabol), isang progresibong samahan ng magsasaka sa Bohol, pinag-iinitan ng mga tauhan ng AFP ang mga lider at kasapi nito. Ang Humabol ay kaanib ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Noong Abril 6, sinimulang itayo ng 2nd Special Forces Battalion ang kaniyang 2nd District Command Post sa loob mismo ng *rice mill* o kiskisang pinatatakbo ng Talibon-Trinidad Integrated Farmers Association (TTIFA). Ang TTIFA ay isang lokal na organisasyong kaanib ng Humabol.

Ayon sa AFP, aabot sa 80 regular na tropa nito ang mag-iistasyon sa loob mismo ng bakuran ng kiskisan. Iginigiit ng mga magsasaka na ipatigil na ang konstruksyon ng naturang kampo.

Binatikos din ng mga magsasaka ang AFP sa pagsasagawa ng kampanya ng paninira laban kay Danilo Olayvar, pinuno ng Humabol. Namumudmod ang sundalo ng 6th Special Forces Battalion ng mga polyeto na naglalarawan kay Olayvar bilang kriminal.

Noong Setyembre 2006, kabilang ang kapatid ni Danilo na si Victor sa mga pinatay ng mga tauhan ng AFP.

Lumban 3, nakalaya

TATLONG aktibistang magsasaka sa Laguna ang nakalaya noong Hunyo 1 matapos ang halos limang taong pagkakabilanggo. Iniutos ng Sta. Cruz Regional Trial Court Branch 91 ang pagpapalaya kay Darwin Liwag, Reynaldo Malaborbor at Aries Cuazon, ang tinaguriang Lumban 3. Ayon sa korte, bigong makapaghapag ng sapat na ebidensya ang AFP sa kasong "illegal possession of firearms and explosives" na isinampa laban sa kanila.

Sina Liwag ay inaresto ng mga sundalo at pulis noong Oktubre 5, 2010 sa Lumban, Laguna matapos harangin ang sinasakyan nilang dyip habang bumibyahe patungo sa Sta. Cruz, Laguna. Dinala sila sa kampo ng 1st IB sa Cavinti.

Si Liwag noon ay pangkalahatang-kalihim ng Pagkakaisa at Ugnayan ng Magsasaka sa Laguna (Pumalag). Kapwa naman istap ng Pumalag si Malaborbor at Cuazon. Nasa kanilang kapasyahan kung magsasampa ng demanda laban sa militar sa kasong maling pagkukulong sa kanila nang limang taon.

Mga aktibista at taong-midya, pinagbawalan sa kongreso

IPINAG-UTOS ng House of Representatives (HOR o ang mababang kapulungan ng kongreso) ang pagbabawal na makapasok sa gusali nito ang hindi bababa sa 50 mga indibidwal na kinabibilangan ng mga upisyal ng mga samahang estudyante, mga mamamahayag sa kampus at lider ng iba't ibang mga sektor.

Ang kautusan ay nilaman ng isang memorandum noong Marso 18, 2015 na inilabas ng Legislative Security Bureau ng HOR na pinamagatang "Blacklisted/Banned Persons to the House of Representatives," isang listahan ng mga taong pinagbabawalang papasukin sa HOR. Nitong katapusan na lamang ng Mayo nabunyag ang naturang memo.

Kabilang sa mga nakalista si Prof. Danilo Arao ng University of the Philippines-College of Mass Communications, Charlotte Velasco ng League of Filipino Students, John Clifford Sibayan ng National Union of Students of the Philippines at si Marc Lino Abila, presidente ng College Editors Guild of the Philippines.


Ang pinangalanang mga indibidwal ay pinagbawalang pumasok dahil umano sa paglabag sa "kagandahang-asal" sa loob ng kongreso dahil sa pagpapahayag nila ng mga pampulitikang panawagan at paglalabas ng mga istrimer at iba pa.

Ayon sa Altermidya, grupo ng mga progresibo at makabayang mamamahayag, ang kautusan ay lumalabag sa karapatan sa pamamahayag at sa malayang pagtitipon. Inilarawan iyon na "mapanupil at atrasado" at "nagpapaalala sa panunupil ng batas militar." AB

8 armas, nasamsam sa Samar

Tatlong taktikal na opensiba ang matagumpay na inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Samar noong Hunyo 5, 10 at 13.

Noong Hunyo 13 alas-4 ng umaga, sinalakay ng mga Pulang mandirigma ng BHB-AOC ang kulungan ng Bureau of Jail Management and Penology sa Barangay Lagundi, Catbal-



gan City. Apat na mataas na kalibreng riple at apat na pistola ang kinumpiska mula sa mga bantay ng kulungan. No on namang Hunyo 10, isinagawa ng BHB-Serafin Pacimos Command (BHB-SPC) ang

isang operasyong haras laban sa mga tropa ng kaaway sa Barangay Mahayag, Matuguinao. Dalawang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan.


Bago nito, hinaras ng BHB-SPC ang mga nag-ooperasyong tropa ng kaaway sa bayan ng Matuguinao. Isang sundalo ang napatay.

Pinuri ng BHB-Eastern Visayas (Efren Martinez Command) ang mga Pulang mandirigma sa ilalim ng BHB-AOC at BHB-SPC sa paglulunsad ng serye ng mga taktikal na opensiba. Anito, sampal ito sa hepe ng 8th ID ng AFP na si Maj. Gen. Jet Velarmino na nagmalaki kamakailan lamang na wala nang yunit ng BHB sa Samar. (Tingnan ang kaugnay na balita sa pahina 4.) AB

Bihag, pinalaya ng BHB sa Sarangani

Pinalaya ng Bagong Hukbong Bayan si Pfc. Khen Subere noong Hunyo 13 sa Barangay Tamadong, Kiamba, Sarangani. Ang pagpapalaya ay isinagawa ng mga Pulang mandirigmang kabilang sa BHB-Mt. Daguma Subregional Command sa ilalim ng BHB-Far South Mindanao Region (BHB-FSMR).

Si Subere, isang elemento ng 27th IB, ay hinuli ng BHB noong Abril 12 habang nagsasagawa ang kanilang yunit ng "civil-military operations" sa T'boli, South Cotabato. Idineklara siyang bihag-ng-digma ng BHB-FSMR at nirespeto ang mga karapatan alinsunod sa kanyang katayuan. Sumailalim siya sa imbestigasyon



Ka Dindo, kinatawan ng BHB-FSMR, habang pinipirmahan ang utos sa pagreli kay Subere

bilang bahagi ng tropang nagtaguyod ng Oplan Bayanihan.

Ayon sa BHB-FSMR, wala silang nakitang dahilan para siya ay isakdal. Dumalo sa pagpapalaya si Mayor Rodrigo Duterte, alkalde ng Davao City, na namagitan para sa pamilya ni Subere.

Samantala, sunud-sunod ang mga taktikal na opensibang nailunsad ng BHB sa iba't ibang bayan sa saklaw ng Davao Oriental. Una nang naiulat sa nagdaang isyu ng *Ang Bayan* ang koordinadong reyd at ambus noong Mayo 22 sa mga bayan ng Tarragona at Baganga. (Tingnan ang "88 armas, nasamsam ng BHB-SMR," *Ang Bayan*, Espesyal na Isyu, Hunyo 1, 2015.)

Iniulat ni Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng BHB-Southern Mindanao Region, na nitong Abril-Mayo, nailunsad rin sa prubinsya ang sumusunod na mga taktikal na opensiba:

1) atake sa istasyon ng pulis sa Mati City;

2) ambus sa sasakyang militar sa Sityo Palina, Binondo, Baganga noong alas-2 ng madaling araw ng Abril 7. Pinasabugan ng *command-detonated explosive* (CDX) ang naturang sasakyan

3) ambus sa limang trak ng militar na nakakomboy malapit sa himpilan ng 67th IB noong madaling araw ng Abril 24;

4) engkwentro sa pagitan ng BHB at mga elemento ng 67th IB at CAFGU malapit sa Uwabangon *patrol base* noong May 8. Dalawang sundalo at isang elemento ng CAFGU ang napatay;

5) ambus ng BHB sa *battalion test mission* ng Scout Rangers sa Paglascon, Kasunugan, Mahanob, Banganay noong Mayo 10. Limang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan.

6) pagpapasabog sa sinasakyang kotse ng lokal na hepe ng pulis sa Aliwagwag, Cateel noong Mayo 19. AB

Kilos protesta kontra US, China, inilunsad


Mahigit isanlibo ang nagmartsa noong Hunyo 12 sa harap ng mga embahada ng US sa Roxas Boulevard at konsulado ng China sa Makati. Ang rali ay pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at bagong tayong P1NAS (Pilipinong Nagkakaisa para sa Soberanya) at itinaon sa araw ng huwad na kalayaan ng Pilipinas.

Magkasabay na kinundena ng mga raliyista ang mga pakanang ginagamit ng US upang maibalik ang mga base militar sa Pilipinas at ang patuloy na pag-angkin ng China sa Panatag Shoal, Kalayaan

Islands, at iba pang maliliit na isla, bahura at buhanging-babaw ng karagatang sakop ng Pilipinas sa South China Sea.

Ayon sa BAYAN, ang US ay “interesado sa muling pagtatayo ng

kanyang mga base at pagpapalaki ng presensya ng mga tropa nito sa Pilipinas bilang bahagi ng kanyang pihit sa Asya. Ang maraming dekada ng presensyang militar ng US sa ating bayan ay nagdulot sa atin ng walang-katapusing paghihirap at ma-



tindi at kahiya-hiyang pagpapahina ng ating soberanya.”

Kabilang ang BAYAN sa bumubuo ng P1NAS, isang malapad na aliyansa para sa pambansang kasarinlan. Bahagi rin ng P1NAS ang mga dating senador na sina Rene Saguisag, Ernesto Maceda, Leticia Ramos Shahani at Victor Ziga na bumoto noong 1991 laban sa Military Bases Agreement. Ito ang nagbigay-daan sa pagbabaklas ng mga base militar ng US sa Pilipinas kabilang ang Subic Naval Base, Clark Air Base at iba pa.

Kasama rin sa P1NAS sina Rep.

Neri Colmenares ng Bayan Muna, ang direktor at manunulat na si Bibeth Orteza, mang-aawit na si Heber Bartolome, dating kongresistang si Teddy Casiño at iba pang makabayang organisasyon tulad ng Gabriela, KMP, Pamalakaya, SCMP, NUSP at LFS.

Sa pag-angkin ng

(sundan sa pahina 8)

PDT, inambus sa Sorsogon

Inambus ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Celso Minguez Command ng Bagong Hukbong Bayan-Sorsogon ang mga elemento ng 31st IB sa Barangay Benguet, Gubat noong Mayo 30. Nakapaloob sa isang *peace and development team* (PDT) ang mga sundalo at nagsasagawa ng operasyon sa naturang baryo nang sila’y tambangan. Napatay ang isang sundalo habang sugatan ang isa pa.

Samantala, pinabulaan ni Maria Roja Banua, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol, ang nau-nang pahayag ng 9th IB na “manageable conflict area” o mahina na ang BHB sa Camarines Norte, Albay, Cautanduanes at Camarines Norte.

Sa kanyang mga pahayag noong Mayo 27 at Mayo 31, binaybay ni Ka Maria ang sunud-sunod na mga aksyong militar ng BHB sa rehiyon laban sa mga elemento ng pulis, sundalo at kani-kanilang mga sinusuportahang sindikato ng droga. Kabilang dito ang koordinadong am-

bus na inilunsad ng BHB-Camarines Sur o Eduardo Olbara Command (BHB-EOC) sa mga elemento ng CAFGU na kilalang aset ng militar at imbwelto sa sindikato noong Mayo 29.

Bago nito, sinunog ng BHB-EOC ang detatsment ng mga PDT ng 22nd IB at 42nd IB sa Barangay Ipil, Buhi.

Sa Jose Panganiban, Camarines Norte, pinarusahan ng Armando Catapia Command (ACC) ng BHB-Camarines Norte si Ronnie Habitan pangunahin dahil sa kanyang pagkakasangkot sa pagbebenta ng ilegal na droga, maraming kaso ng pagpatay at tangkang pagpatay. Imbwelto si Habitan sa masaker na naganap sa Atimonan noong 2013 na resulta ng girian sa pagitan ng dalawang sindikato ng sugal. Nakuha ng mga Pulang mandirigma ang dalawang kalibre .45 kalibreng baril mula kay Habitan. Samantala, nasabat ng mga Pulang mandirigma ang mga nagrerespondeng pulis at nakumpiska mula sa kanila ang dalawa pang maiksing baril.

AB

China sa buong South China Sea, isang mayor na pandaigdigang ruta ng mga bapor at pinaniniwalang maraming reserbang langis at natural na gas, inaangkin din nito ang buong Extended Continental Shelf (ECS) at 80% ng Exclusive Economic Zone (EEZ) ng Pilipinas kabilang na ang Malam-paya. Maliban dito, inangkin din ng China mula sa Pilipinas ang Mischief Reef noong 1995 at Scarborough Shoal noong 2012.

Habang kinukundena ang China, pinuna din ng P1NAS ang paggamit ng US sa tensyon sa pagitan ng China at Pilipinas upang madaling maipasok ang mga base militar sa Pilipinas. “Kung ayaw namin ng baseng Tsino sa Spratlys, tiyak na ayaw rin namin ang pagbabalik ng mga base ng US sa Luzon, Visayas, at Mindanao,” paglilinaw ng grupo sa kanilang pahayag. “Ayaw nating maging sangkalan ang Pilipinas sa paligsahan ng dalawang higante.”

Unang nagrali ang P1NAS sa harap ng konsulado ng China at pagkatapos ay nagpunta sa embahada ng US. Naglunsad din ng iba’t ibang kilos protesta ang mga balangay ng BAYAN sa US, Europe, Hongkong, Canada at iba pang bansa sa ibayong dagat.

Nangako ang BAYAN na maglulunsad ng iba pang aksyon sa hinarahap para sa paggigiit ng soberanya ng Pilipinas. Ilan sa nakaplanong mga aksyon ang mga kilos protesta, malawakang kampanya sa edukasyon, paggigiit sa reaksyunaryong gubyerno na ipawalambisa ang makaisang-pang na mga kasunduan tulad ng EDCA, paggigiit na isabansa ang mga industriya at empresa ng mga bansang gumagawa ng mga aksyong kontra sa Pilipinas, at pakikipaglaban para sa pambansang industyialisasyon at tunay na reporma sa lupa upang mapalakas ang ekonomya at sa gayo’y makayanang magtanggol laban sa mga nangyuyurak sa pambansang soberanya. AB

“Economic cha-cha:” Interbensyong US sa ekonomya

Sa pagtatapos ng sesyon ng Kongreso noong Hunyo 13, hindi isinalang sa plenaryo para pagbotohan ang Resolution of Both Houses 1 (RBH 1 o resolusyon ng dalawang kapulungan), ang panukalang kilala bilang “economic cha-cha” o pagbabago ng pitong probisyon sa ekonomya sa konstitusyong 1987. Itinulak ito ni House Speaker Feliciano Belmonte sa direksyon ng US at mga ahensya nito sa bansa. Si Belmonte ay kapartido at nangungunang alyado ni Aquino sa Kongreso.

Sa RBH1, isisingit ang “unless otherwise provided by law” (liban kung isinasaad ng batas) sa sumusunod na probisyon ng konstitusyon: 1) eksplorasyon at paggamit ng likas na yaman; 2) pampublikong lupa; 3) pribadong lupa; 4) mga negosyong nakareserba para sa mga Piipino; 5) mga pampublikong *utility*; 6) mga institusyon sa edukasyon; at 7) mas-midya at *advertising* (pagpapatalastas). Buburahin din ang mga probisyon na nagsasaad na dapat Pilipino ang magiging upisyal at

mangangasiwa ng mga empresa sa pampublikong yutilidad. Sa pamamagitan nito, maaari nang tanggalin ang mga restriksyon sa pagmamayari ng mga dayuhan sa naturang mga sektor.

Sa pagtutulak ng “cha-cha”, pinalaganap ni Belmonte ang baluktot na paniniwalang susi ang dayuhang pamumuhunan sa pag-unlad ng ekonomya kung kaya kailangang tanggalin ang mga restriksyon sa pagdaloy nito sa bansa. Ang linyang

(sundan sa pahina 9)

Senator Santiago: EDCA, isalang sa Senado

Sa pangunguna ni Sen. Miriam Defensor-Santiago, naghapag noong Hunyo 11 ang senado ng panukalang resolusyong nagsasaad ng paninindigang hindi balido ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) kung walang pagsang-ayon ang Senado.

Ang resolusyon na pinirmahan ng 13 senador ay kumukwestyon sa kapangyarihan ng Presidente na pumasok sa mga kasunduan sa ibang bansa na hindi isinusumite sa senado para pagtibayin. Pinalalabas ng gubyernong Aquino na ang EDCA ay isang “executive agreement” na hindi kailangan isumite sa senado. Ipapadala sa Korte Suprema ang resolusyon kapag napagti-bay na ng Senado.

Marami nang naunang nagsampa ng kaso sa Korte Suprema laban sa EDCA kabilang ang mga progresibong organisasyon, abugado, taong simbahan, akademiko, at mga senador na bumoto laban sa base militar ng US noong 1991.

Samantala, pinirmahan noong Hunyo 8 ng rehimeng Aquino at gubyernong Japan ang Philippines-Japan Visiting Forces Agreement (VFA) na magpapahintulot sa mga sasakyang pandagat at panghimpapawid ng Japan na gumamit ng mga base sa Pilipinas para sa *refueling* at kumuha ng suplay. Pinahihintulutan din nitong pumasok sa karagatan ng Pilipinas ang mga barko ng Japan na nagpapatrulya sa South China Sea. Nagbibigay-daan ang kasunduang ito sa paggamit ng tropang militar ng Japan sa mga base ng Pilipinas sa batayang “rotasyunal” tulad ng mga pribilehiyong inaangkin na ngayon ng US at Australia. Kasabay ng pagpirma sa VFA, nagkasundo ring bumili ang Pilipinas sa Japan ng 10 sasakyang pampatrulya para sa Coast Guard ng Pilipinas. AB

ito ay bahagi ng neoliberal na propaganda para itulak ang denasyunalisasyon, liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ng mga susing industriya at sektor ng ekonomya at lubusan itong ipailalim sa dayuhang kontrol.

Animo'y bigo si Belmonte sa pagtutulak ng "economic cha-cha." Gayunpaman, hindi ito ang huling pagkakataong ipagpipilitan ng naghaharing uri at ng US ang pagbabago sa konstitusyon. Hindi rin nito itatali ang sarili sa *charter change* para ibukas ang lokal na ekonomya sa dayuhang pagsasamantala. Katunayan, wala pa man ang cha-cha, nagawa na ng reaksunaryong estado na ibukas nang hanggang 100% sa dayuhang pagmamay-ari ang maraming sektor ng ekonomya.

US ang promotor ng "economic cha-cha"

Ang imperyalismong US ang pangunahing promotor ng "economic cha-cha." Katuwang ang papet na rehimeng Aquino, nagbubuo ito ng mga ahensya at programa at nagbubuhos ng milyun-milyong pondo para

direktang pakialaman ang lokal na mga proseso at ipasa ang mga patakaran at batas na pumapabor dito.

Isa sa mga itinayo ng US ang Partnership for Growth (PFG), isa sa pinakakomprehensibong instrumento sa pang-ekonomyang interbensyon ng US. Itinatag ng US ang PFG, katuwang ang rehimeng Aquino, noong 2011 at pinondohan ng hanggang \$739 milyon (P33 bilyon sa palitang \$1=P44). Tinitiyak nito na nababalangkas at naipapasa ang mga patakarang magbubukas sa ekonomya at magbibigay ng mga benepisyong at pribilehiyo sa Amerikanong mga kapitalista at korporasyon.

Isa pang instrumento ng US ang The Arangkada Philippines Project (TAPP), na nagsisilbing prinsipal na kampanyador ng "economic cha-cha" sa Kongreso. Pinangangasiwaan ito ng American Chamber of Commerce (AmCham), katuwang ang Joint Foreign Chambers of Commerce, at pinondohan ng \$1 milyon (P44 milyon) ng ahensyang USAID.

Kasabay ng "economic cha-cha,"

aktibong itinutulak ng AmCham ang pagtanggap ng mga restriksyon na nakasaad sa Foreign Investment Negative List (FINL o listahan ng mga negosyong nakareserba para sa mga Pilipinong indibidwal at negosyo).

Noong Hunyo 8, ipinahayag nito na rekesito sa paglahok ng Pilipinas sa Trans-Pacific Partnership ang tuluyang pagbubukas ng ekonomya sa pamumuhunang dayuhan. Noon namang Mayo 15, iginiit ng Joint Foreign Chambers of the Philippines ang pag-aalis ng mga pagbabawal sa dayuhang pag-aari ng lupa, likas na yaman, midya, advertising at pampublikong *utility*.

Noong Mayo 29, tinanggal ng rehimeng US-Aquino sa listahan ang mga dayuhang restriksyon sa pag-aari ng mga negosyo ng pagpapautang, pamumuhunan at iba pang kumpanya sa pinansya sa pamamagitan ng Executive Order No. 184. Binawi din nito ang mga restriksyon ng mga dayuhan na magtrabaho sa mga negosyong parmasyutika at ibang trabahong pangkalusugan, *criminology*, *forestry* at abugasya. **AB**

Alyansa para sa reporma sa lupa, itinatag

Itinatag noong Mayo 28 sa University of the Philippines (UP)-Diliman sa Quezon City ang Philippine Land Reform Movement (PLRM), isang kilusang naggigiit ng tunay na reporma sa lupa.

Kabilang sa mga pangunahing layunin ng PLRM ang labanan ang mga tangka ng asenderong gubyernong Aquino na ibenta sa mga dayuhan ang mga pampubliko at pribadong lupain ng Pilipinas sa pamamagitan ng "economic charter change."

Ang planong pagbabago sa konstitusyon ay naglalayong baguhin ang mga probisyon na nagbabawal sa mga kapitalistang dayuhan na magmamay-ari ng lupa at naglilimita ng kanilang pag-aari sa pinatatakabong mga negosyo sa Pilipinas. Tinatayang daan-daan libong ektaryang lupain ang mapapasakamay ng mga dayuhan sa anyo ng malalawak na plantasyon ng saging, pinya, *oil palm*, *rubber tree* at iba pa.

Dinaluhan ang pagtatayo ng PLRM ng mga magsasakang kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) mula sa Central Luzon, Southern Tagalog, Panay, Cordillera, Cagayan Valley at Mindanao. Lumahok din ang mga akademiko mula sa UP at CONTEND, mananaliksik mula sa

IBON Foundation, mga lider at myembro ng Makabayan, BAYAN, Kilusang Mayo Uno, National Economic Protectionism Association, Magsasaka at Siyentipiko para sa Pagnunlad ng Agrikultura, mga madre mula sa Religious of the Good Shepherd, Rural Missionaries of the Philippines at mga aktibistang kabataan. Dumalo rin ang Anti-Trapo Movement, Pilgrims for Peace at WE Govern Institute.

Bago nito, naglunsad ng mga protesta ang KMP sa harap ng Kongreso laban sa "economic cha-cha" at pagpapalawig ng Comprehensive Agrarian Reform Program. Ayon sa KMP, lalong lalala ang pang-aagaw ng lupa at pwersahang pagpapalayas ng mga magsasaka sa kanayunan sa ilalim ng dalawang kontra-magsasakang panukala. Parehong hindi natuloy ang pagpasa ng dalawang panukala.

Gayunpaman, kahit hindi pa nababago ang konstitusyon, walang pakundangan nang binebenta ng rehimeng Aquino ng mga pampubliko at pribadong lupain. Halimbawa dito ang "Clark Green City", isang engrandeng proyektong sumasaklaw sa 36,000 ektaryang lupa sa mga bayan ng Mabalacat, Bamban at Capas sa Tarlac at Pampanga. Inaaalok na ito ngayon ni Aquino sa mga dayuhang mamumuhunan at mga kasosyo nilang kumprador sa pamamagitan ng programang Public-Private Partnership. **AB**

K-12: Makadayuhan, komersyalisado, pahirap sa mamamayan

Sinalubong ng protesta ang Programang K-12 sa unang araw ng pasukan noong Hunyo 1. Nagtungo sa Mendiola, Korte Suprema at Department of Education (DepEd) sa Maynila ang mga estudyante at guro sa ilalim ng Stop K to 12 Alliance para batikusin ang neoliberal na patakaran ng rehimeng US-Aquino sa edukasyon.

Inilantad nila ang napakaraming problema sa pagpapatupad ng programang K-12, kabilang ang malulubhang kakulangan ng mga guro, libro, klasrum at upuan, gayundin ang kawalan ng kuryente, tubig at ibang pasilidad. Kinundena ng al-yansa ang tuluy-tuloy na pagtaas ng gastos sa edukasyon na nagreresulta sa paparaming kabataang di makapag-aral. Lalong lalala ang kalagayang ito sa nakatakdang pagpapatupad ng *senior high school* (SHS), ang dalawang taong dagdag sa hayskul, simula 2016.

Binatikos din nila ang makadayuhan at komersyalisadong katangian ng K-12. Pinabulaanan nila ang sinasabi ng rehimeng Aquino na makatutulong ito sa paglutas ng problema ng disempleyo sa bansa.

Sa ngayon, may limang petisyong isinampa ng iba't ibang grupo sa Korte Suprema para ipatigil ang K-12.

Edukasyon para sa kontraktwal at mababang kalidad na trabaho

Taliwas sa sinasabi ni Armin Luistro, kalihim ng DepEd, na ang

pangunahing layunin ng K-12 ay ang itaas ang kalidad ng edukasyon, ang totoong layunin ng K-12 ay ang magluwal ng mga manggagawang may mababa at panggitnang kasanayan para sa panandalian, kontraktwal at mababang kalidad na mga trabaho sa loob at labas ng bansa.

Bukambibig ni Luistro at ng rehimeng Aquino ang anila'y "job mismatch" o hindi pagtutugma ng mga kurso o kasanayan ng mga manggagawa sa mga "naghihintay" na trabaho. Pinagtatakpan ng rehimeng Aquino ang problema ng malawak na kakulangan ng trabaho sa lokal na ekonomya. Ang nais nito'y bigyang-katwiran ang pagpapatupad ng isang kurikulum o programa sa edukasyon na nakatuon sa pagbibigay ng mga kasanayang hinahanap ng mga kapitalista o amo sa ibang bansa.

Malinaw ito sa programang SHS. Sa inilabas na pagtatasa ng DepEd sa K-12, halos kalahati (49%) ng mga magtatapos sa hayskul ay ikinategorya nitong sasailalim sa *technical-vocational livelihood* (TVL). Ibig sabihin, halos kalahati

ng magtatapos ng SHS ay dumaan sa mga kursong *house-keeping* (para makapagtra-

baho bilang katulong), *welding*, pagtutubero, pananahi, *bartending*, pagmamasaha at iba pang katulad na kursong teknikal. Karamihan sa mga trabahong naghahanap ng mga kasanayang ito ay nasa mga bansa sa Middle East.

Ang iba pang magtatapos ng hayskul ay ikinategorya sa sining at disenyo, palakasan at akademiko (tulad ng syensya at *engineering*).

Sa pagpapatupad ng K-12, mas maraming manggagawa ang mas maagang papasok sa hanay ng lakas paggawa. Lalo nitong palalakihin ang bilang ng mga walang trabaho dahil sa matinding kakulangan ng nalilikhang trabaho sa lokal na ekonomya.

Umaabot sa 12 milyon ang kulang o walang trabaho noong 2014. Ayon sa Ibon Foundation, halos kalahati nito (47%) ay kabataang may edad 15-24 at sangkatlo (32%) ay may edad 25-34. Nakapagtapos ng hayskul at/o kolehiyo ang pito sa bawat sampu sa kanila.

Noong 2014, ipinagmalaki ng rehimeng US-Aquino na nakalikha ito ng 518,000 bagong trabaho. Kulang pa ito sa 554,000 bagong nagtapos. Sa bawat araw, mas marami ang manggagawang nangingibang-bayan para magtrabaho (4,500) kaysa nalilikhang trabaho sa loob ng bansa (2,800). Masahol pa, karamihan ng mga trabahong makikita sa Pilipinas ay mababa ang kalidad, part-time at mababa ang sahod.

Edukasyon para sa kita

Lalo pang tataas ang gastos sa pagpapaaral sa ilalim ng K-12. Ayon sa kwenta ng Kabataan Partylist (KPL), hindi bababa sa P50,000/taon ang kinakailangan ng isang estudyanteng nasa pampublikong paaralan at doble (P100,000/taon) para sa isang pumapasok sa pribadong paaralan. Ang dalawang taon ng SHS ay katumbas ng dagdag na



P100,000 (publiko) hanggang P200,000 (pribado) kada estudyante.


Lalong palalakin ng K-12 ang bilang ng mga kabataang hindi makapag-aaral dahil sa laki ng gastusin. Ayon sa datos mismo ng DepEd, umaabot sa 2.3 milyong kabataan na may edad lima hanggang 15 ang hindi nakakapag-aral pangunahin dahil sa kahirapan. Kabilang dito ang mahigit kalahating milyong hindi nakapasok sa kinder, mahigit 800,000 na tumigil sa pag-aaral sa elementarya at 1.1 milyong tumigil sa hayskul.

Lalo pa itong lolobo pagpasok ng 2016 sa pagsisimula ng Grade 11 ng SHS. Ayon sa KPL, sa mahigit 2.2 milyong magtatapos ng Grade 10 sa 2016, wala pa sa kalahati ang may mapapasukang SHS. Sa halos 8,000 pampublikong hayskul, wala pa sa kalahati o 3,839 lamang ang handang magbukas ng SHS. Sa gayon, maaring umabot sa 1.4 milyon ang mapipilitang tumigil sa pag-aaral o di kaya'y lumipat sa mas mahal na mga pribadong paaralan.


Sa National Capital Region (NCR), 20% lamang ng mga pampublikong hayskul ang handa at may pasilidad na magturo ng SHS sa 2016. Pawang pribadong paaralan ang siyam sa sampung SHS.


Hungkag ang solusyon ng DepEd na bigyan na lamang ng "voucher" o subsidyo ang mga estudyanteng mapipilitang pumasok sa mga pribado-

MATITINDING KAKULANGAN





GURO: 57,167 + 4,000 na di napunan noong 2014







KLASRUM: 113,000 para sa regular + 95,000 para sa SHS






TEKSBUK: 24 milyon + 13 milyon na di naideliber noong 2014







WALANG TUBIG: 14,000 eskwelahan




WALANG KURYENTE: 10,514 eskwelahan



KAGAMITAN para sa syensya at matematiks na di nadeliber: 35,000



KAKULANGAN sa kagamitan para sa *information at communication technology*: 10,383



DI NAIPATUPAD na proyektong internet: 395

dong paaralan. Sa sistemang ito, bigyan ng P16,500-22,000 kada taon ang mga pribadong paaralan para sa bawat estudyanteng hindi makapag-reenrol sa mga pampublikong paaralan. Kulang ito sa karaniwang sinisingil na P35,000-70,000 ng mga pribadong paaralan. Hindi rin sasapat ang planong maglaan ng P20 bilyon para sustentuhan ang 1.4 milyong estudyanteng hindi maka-reenrol sa publikong SHS.


Ang subsidyo na ito ay nakaambag sagpangin ng malalaking kapitalistang may-ari ng mga eskwelahan. Ngayon pa lamang, nagpahayag na ng kahandaang tumanggap ng mga estudyante ang STI, AMA, Informatics at ang planong itayo ng pamilyang Ayala na mga eskwelahang APEC (Affordable Private Education Center o "abot-kayang mga sentrong pang-edukasyon")

Pahirap sa mga guro
Sa gitna ng matinding

kakulangan ng mga guro, magdudulot ng malawakang tanggalan sa sektor sa taong 2016 ang K-12. Sa taya ng Alliance of Concerned Teachers (ACT), nasa 100,000 guro at kawani ng mga kolehiyo ang mawawalan ng trabaho sa unang taon ng SHS dahil titigil ang enrolment sa unang taon ng kolehiyo. Magtutuloy-tuloy ang mga tanggalan sa susunod na mga taon dahil sa disenyo ng K-12 na nagtutulak sa mga gradweyt nito na direktang magtrabaho at hindi na magkokolehiyo.

Hinihikayat ng mga may-ari ng mga pribadong kolehiyo na muling mag-aplay bilang mga guro sa SHS ang mga propesor na mawawalan ng trabaho. Pinangangambahan ng ACT na gagamitin ito ng naturang mga may-ari para magtanggap ng mga regular na guro at ibalik sila bilang mga kontraktwal. Dagdag dito, nakikinita ng ACT na gagamitin ng mga pribadong paaralan ang pagkakataong ito para buwagin ang mga unyon ng mga gurong aktibo sa paglaban sa K-12.

Maasahang magtutuluy-tuloy at lalo pang iigting ang mga pagbati-kos sa unang taon ng buong implementasyon ng K-12. AB



PPP ni Aquino: Perwisyo at katiwalian

Batbat ng katiwalian at perwisyo sa bayan ang mga proyekto sa ilalim ng Public-Private Partnership (PPP) ni Benigno S. Aquino. Bago magtapos ang termino ni Aquino, hinahabol nitong mabuo ang kontrata para sa dalawang proyektong pang-imprastruktura: ang Laguna Lakeshore Expressway Dike (LLED) at ang Sasa Wharf Modernization Project.

Ang perwisyong idudulot ng Laguna Lake Megadike. Nakatakdang maging isa sa pinakamalaking proyekto sa ilalim ng PPP ang LLED, ang tinaguriang Megadike sa Laguna Lake. Magkakahalaga ito ng P124.9 bilyon. Plano dito na itayo ang 45-kilometrong dike at 47-kilometrong *expressway* sa pagitan ng Taguig City at Los Banos, Laguna. Ang dike ay itatayo kalahating kilometro mula sa kasalukuyang baybayin ng lawa. Tatambakan ng lupa ang 700-ektaryang mula sa dike, kasama na ang bahagi ng lawa. Maghuhukay ng isang kanal na may lapad na 100-150 metro sa paligid ng bagong baybayin. Umano'y malulutas nito ang pagbabaha sa paligid ng lawa at mababawasan ang trapiko sa South Luzon Expressway (SLEX).

Sa talumpati noong Mayo 25, binatikos ni Bayan Muna Rep. Carlos Isagani Zarate ang planong LLED dahil magresulta ito sa pagpapalayas ng mga nakatira sa baybayin ng lawa. Mapapalayas ang buo-buong komunidad ng maliliit na mangingisda, mga nagtatanim ng gulay, nag-aalaga ng bibe at itik sa mga bayan ng Taguig, Biñan, Sta. Rosa at San Pedro. Aniya, inilalagay nito sa panganib ang mamamayang Pilipino dahil itatayo ito ilang metro lamang ang layo sa Marikina West Valley Fault. Iginiit din niyang hindi naman talaga solusyon sa gumuguhong lupa ang dikeng napakalayo naman sa pampang.

Dagdag ni Zarate, kung pagbabaha ang gustong lutasin, higit na makatitipid na isagawa ang regular na *dredging* o paghukay ng burak sa ilalim ng lawa upang mapalalim ito, kasabay ng pagbukas ng Napindan floodway para mailabas sa Pasig River ang umaapaw na tubig ng La-

guna Lake. Kaakibat nito'y dapat isagawa ang malawakang reforestation at rehabilitasyon ng mga kabundukang watershed o pinagmulan ng tubig ng lawa.

Ang tunay na pakay ng proyekto, ani Zarate, ay ang kumita ang malalaking kapitalistang debeloper at unti-unting ariin ng mga ito ang Laguna Lake para sa kanilang pansariling interes. May 37 taon din na kikita at makababawi sa gagastusin ang makakukuha ng kontrata sa pamamagitan ng toll fee na ipapataw sa gagamit ng naturang kalsadang may lapad para sa anim na sasakyan.

Sa tantya pa ni Zarate, sinadyang malayo sa baybayin ng lawa ang proyekto upang bigyang-daan ang reklamasyon ng 700 ektaryang lupa galing sa lawa na tatayuan ng malalaking gusali, *condominium*, hotel at *shopping mall*, na siyang magdadala ng limpak-limpak na salapi sa mga kapitalistang debeloper nito.

Pinalobong halaga ng planong modernisasyon ng Sasa Wharf. Samantala, pinalobo sa P17 bilyon ang naunang tinayang P4 bilyon na halaga ng proyektong pagpapalaki ng Sasa Wharf sa Davao City sa ilalim din ng PPP. Itinaas ng International Finance Corporation, isang ahensyang kaanib at itinayo ng World Bank, ang halaga ng kontrata para palawakin ang naturang daungan upang makapasok ang higit na mabibigat at malalaking barko na hindi kayang dumaong sa Manila.

Kinwestyon ni Zarate ang halagang ito na ilang ulit na mas malaki kumpara sa tinatayang pagpapalaki ng ibang daungan sa Davao Gulf.

Sa kanyang talumpati noong Mayo 27, inihambing ni Zarate ang tantya sa pagpapalaki ng Sasa Wharf sa katulad na mga proyekto.

Tinukoy niya na ang planong

pagpapalaki ng Hijo Port sa Tagum City, na mas malaki at triple ang kapasidad kumpara sa Sasa Wharf, ay nagkakahalaga lamang na P5.5 bilyon. Ang Hijo Port ay may lawak na 54 ektarya. Mula sa panimulang kapasidad para sa 450,000 TEU (Twenty-foot Equivalent Unit o kapasidad ng isang *container van*) kada taon, pauunlarin ito hanggang 2 milyong TEU. Dagdag ni Zarate, nagkakalahaga lamang ng P2.5 bilyon ang planong pagpapalaki sa Davao International Container Terminal sa Panabo City, na may taunang kapasidad na 800,000 TEU. Ang Sasa Wharf ay may lawak lamang na 18 ektarya at kapasidad na 550,000 TEU.

Ang mananalong *bidder* ang siyang mangangasiwa at maniningil ng *docking* at *wharfage fee* sa mga gagamit ng pantalan sa loob ng hindi bababa sa 30 taon. Dahil babawin ng kontraktor ang naipuhunan sa proyekto sa pamamagitan ng pagtaas ng mga singil, ipapasa naman sa mga mamimili ng mga importer at eksporter ang patong na singil sa presyo ng kanilang mga inaangkat na produkto.

Aabot ng P6.58 trilyon, doble ng kasalukuyang taunang badyet ng bansa, ang itinatakdang halaga ng 3,077 proyektong panukala para sa PPP. Halos kalahati o P3 trilyon ay para sa mga imprastruktura sa transportasyon, samantalang ang iba ay sa mga proyektong pangserbisyonang panlipunan, komunikasyon, tubig at enerhiya. Tinatayang aabot sa P1.3 trilyon ang magiging utang ng guberno ng Pilipinas kabilang ang tuwirang utang ng guberno at mga garantiya sa utang ng mga pribadong kapitalista. Pinakamalaki sa mga panukalang ito ang bahaging katimugan ng North-South Rail, na magkakahalagang P170 bilyon.

Tinagurian ni Zarate ang PPP ng administrasyong Aquino na “Pabigat, Pambubusabos at Pasanin” para sa sambayanang Pilipino. **AB**